

<8> Pangangalaga, at Pagpa-aral ng Anak

Suporta sa Pagpalaki ng Anak

Nursery (Hoikuen), Child Institution (Kodomo-en)

Daycare & Kindergarten Management Division ☎ 23-6144 FAX 23-6540

Pinapaalam ang kalagayan at paraan sa pagpa-enroll sa sunod na taon, sa Setiyembre. Tanungin sa mga nursery at child institution ang tungkol dito sa kalagitnaan ng taon (mayroong limitasyon sa taong maaaring pumasok sa bawa' t pasilidad). Mayroon ring nursery na nagpapa-pasok ng temporary para sa mga may kailangan, at pumapayag ng pagpahaba ng oras ng pasok. Tumawag sa Daycare & Kindergarten Management Division, o sa website ng bawa' t pasilidad.

Child Care Support Center

Johoku Nursery 3F ☎ 26-0706 FAX 26-6711

Konsultasyon sa pagpapa-laki ng anak

Maaaring kumunsulta tungkol sa pamumuhay ng bata, pagpa-enroll sa mga nursery, at sa mga alalahanin tungkol sa pagpapalaki ng bata, gamit ang telepono, o sa pakikipag-usap ng harapan.

Pre-room, Yochi-yochi room

Ito ay mga palaruan na maaaring gamitin ng mga pamilya ng mga batang hindi pa pumapasok sa nursery o kindergarten.

Mga grupo/club na tungkol sa pagpapalaki ng anak

Maaaring humingi ng tulong sa pagsagawa ng mga kaganapan kung saan magkakahalubilo ang iba' t ibang mga bata at mga magulang.

Mga kurso sa pagpapalaki ng anak

Nagsasagawa ng mga kurso na magtuturo sa mga paraan ng pagpapalaki ng anak

Magazine tungkol sa pagpapalaki ng anak "Suku-suku"

Nagpe-prenta ng magazine na nagpapahayag ng mga impormasyon tungkol sa pagpapalaki ng anak, kada buwan.

Family Support Center

Family & Child Division ☎ 87-5050 FAX 87-5051

Ito ang samahan na binubuo ng mga "taong nais humingi ng tulong sa pagpapalaki ng anak", at ng mga "taong nais tumulong sa pagpapalaki ng anak" upang magtulungan.

Mga myembro na kailangan ng tulong

Taong nakatira sa syudad na nag-aalaga ng anak na hanggang Grade 6

Mga myembro na nais tumulong

- Mga nakatira sa syudad na ito, na maaaring tumanggap ng bata sa loob ng bahay
- ※Maaaring magpa-rehistro bilang tagatulong o/at kailangan ng tulong
- ※Matatanggap ang rehistro pagkatapos kumuha ng kurso ukol dito.
- ※Hindi tinatanong ang karanasan, lisensya, at kasarian

Nilalaman na tulong na maaaring hilingin at ibigay

- hatid-sundo sa nursery, kindergarten, after-school care center, atbp.
- pagbantay sa bata habang ang magulang ay nagtatrabaho, namimili, o nagpapa-refresh
- pagbantay sa bata habang ang magulang ay nakatigil sa hospital, uma-atenda sa hospital, kasal, libing, gawain sa komunidad, bisita sa paaralan, o mga kaganapang mahirap isama ang bata.
- ※Hindi maaari ang pagbabantay sa bata lampas-gabi at pagbantay sa batang may sakit.

After-school Care Center

Child Rearing Support Division ☎ 23-6330 FAX 23-7292

Ito ang pasilidad para sa mga batang wala sa bahay ang magulang tuwing araw dulot ng trabaho.

- 【Target】** mangangaral sa grade school na mag-isa sa bahay
- 【Bayad】** ¥7,000 kada buwan
- 【Oras】** mula sa pagkatapos ng paaralan ~ PM 7
 - ※AM 8 ~ PM 7 tuwing Sabado (hindi lahat ng center ay bukas)
 - AM 7:30 ~ PM 7 tuwing
 - ①Mon ~ Fri ng bakasyon (Spring, Summer, Winter break)
 - ②Exchanged holiday (holiday sa weekend at nalipat ang pahinga sa weekday)
 - ③AM 7:30 ~PM 7 tuwing Kids’ Days (maikling bakasyon sa taglagas)
 - ※Kailangang magbayad ng extra kung nais gamitin mula AM 7:30 ~ AM 8
- 【Rehistro】** Sa Nobyembre ang aplikasyon, at maaaring magpa-rehistro kahit anong buwan kung may open slot sa center

Maraming bonus! Pamimili gamit ang “Hagumin Card”

Child Rearing Support Division ☎ 23-6820 FAX. 23-6833

Para ito sa mga may anak na hanggang 18 taon gulang o sa mga nagdadalan-tao. May mga benepisyo na matatanggap sa mga pamilihan na kasama sa sponsor ng card na ito.

- 【Rehistro】** Child Rearing Support Division (East Bldg. 3F), branch office(s)
- 【Dalahin】** Insurance card, Baby book, ibang patunay sa pagiging aplikante
- 【Detalye】** Magagamit ito sa lahat ng sponsor na tindahan sa buong bansa. Makikita ang lista ng mga tindahan mula sa QR code sa likod ng card.



Lugar na mapaghihintayan ng mga bata pagkatapos ng paaralan (Kodomo no Ie)

Child Rearing Support Division ☎ 23-6694 FAX 23-7292

Ang pasilidad na ito ay para sa mga grade school student at sa mga mamamayan ng school district. May 43 pasilidad sa loob ng Okazaki. May recreation room at arts room/library sa loob nito.

Paggamit ng mga grade school student

Weekdays : PM 1 ~ PM 6 (may mga hanggang PM 7)

Sabado : AM 10 (may mga mula AM 8) ~ PM 6 (may mga hanggang PM 7)

Bakasyon at exchange holiday : AM 8 ~ PM 6 (may mga hanggang PM 7)

Sarado ang lugar sa Linggo, Holiday, year end/new year (Dec. 29 ~ Jan 3)

Paggamit ng mga mamamayan ng school district

Mula sa pagkatapos gamitin ng mga bata ~ PM 10 (may mga hanggang PM 9)

Maaari ring gamitin mula AM 10 ~ AM 12 kung hindi gagamitin ng mga bata.

Kailangang magparehistro bilang grupo upang maka-arkila ng pasilidad.

Nursery Child Caring Spot (Hoikuen Kosodate Hiroba)

Child Care Support Center ☎ 26-0706 FAX 26-6711

Binubuksan ang ilang parte ng nursery bilang lugar upang magamit sa pagpapalaki ng bata.

【Target】 Magulang at mga bata na hindi pa pumapasok sa nursery
(Hindi makakagamit ang pumapasok na sa nursery/kindergarten/child institution)

【Oras】 AM 9:30 ~ AM 11:30 ※baka hindi ito matuloy kung may kaganapan sa nursery

【Mga nursery na nagsasagawa】

Mon, Wed Katano

Tue, Thu Shimoyama

Wed, Thu Miai

Tue Mutsumi Minami, Midorigaoka, Nakazono, Daimon, Nakajima

Wed Ida, Hatcho, Iwazu, Minami, Oka

2nd Sat Hadanashi

Tingnan sa website...Shirohato



Local child care support center

Child Care Support Center ☎ 26-0706 FAX 26-6711

Mayroong playroom at playground na mapapagkalaruan. Mayroon ring mga kurso na sinasagawa.

【Oras】 AM 9:30 ~ PM 2:30

(tumatanggap ng konsultasyon mula AM 8:30 ~ PM 3:30)

【Mga nursery na nagsasagawa】

Tue, Thu Shimoyama

Mon, Tue, Thu Iwamatsu, Ryugai

Mon, Wed, Fri Shimasaka, Mutsumi naka, Toyotomi

Gathering square (Tsudo no Hiroba)

Child Care Support Center ☎ 26-0706 FAX 26-6711

Nagsasagawa dito ng mga kaganapan kung saan makakahalubilo ang mga magulang at mga

bata, at mga konsultasyon tungkol sa pagpapalaki ng bata.

【Oras】 Martes ~ Linggo AM 9 ~ PM 9 (sarado sa sunod na araw ng holiday)
 ※May propesyonal sa pag-alaga ng bata tuwing Martes ~ Biyernes, AM 9 ~

PM 4

【Lugar】

North Area Community Center (Nagomin)	(Nishikuramae-cho)
South Area Community Center (Yorinan)	(2 chome, Ueji)
West Area Community Center (Yahagikan)	(Yahagi-cho)
East Area Community Center (Murasakikan)	(Fujikawa-cho)
Mutsumi Annex Community Center -Yuki no Sato	(Nakajima-cho)

Umpisa sa Hulyo 2022!!

Child Care Support Suku-Suku LINE

Nagpapadala dito ng mga impormasyon na magagamit ng mga nagdadalang-tao at mga bagong magulang, ayon sa buwan ng pagkabuntis o sa edad ng bagong anak.



Allowance, Subsidy

Child Allowance (Jido Teate)

Child Rearing Support Division ☎ 23-6628 FAX 23-7279

Ibibigay ito sa mga magulang na nag-aalaga ng bata hanggang 3rd year Junior Highschool (hanggang sa unang Mar. 31 mula sa pagiging 15 taon gulang) (may limitasyon na base sa income)

Child Medical Expense Subsidy (Kodomo Iryo-hi Josei)

Medical Subsidies Office ☎ 23-6148 FAX 27-1160

Sasagutin ng gobyerno ang parte ng bayaring medikal ng mgabata hanggang 3rd year Junior Highschool (hanggang sa unang Mar. 31 mula sa pagiging 15 taon gulang).

※Kasama na rin sa sasagutin ang bayarin para sa pagtigil sa hospital ng mga batang hanggang 18 taon gulang, mula sa Setiyembre, 2020.

Orphan Allowance (Iji Teate)

Child Rearing Support Division ☎ 23-6150 FAX 23-7279

Ibibigay ito sa mga nangangalaga sa batang 18 taon gulang pababa (nakapasok ang mga may malubhang disabilidad, hindi pasok sa aplikante ang batang nasa loob ng pasilidad), na wala ang alin man sa ama o ina, o wala ang parehas na ama at ina (may limitasyon sa income ng nais mag-aplika)

Child Support Allowance (Jido Fuyo Teate)

Child Rearing Support Division ☎ 23-6150 FAX 23-7279

Ibibigay ito sa mga nangangalaga sa batang 18 taon gulang pababa (nakapasok ang mga may

malubhang disabilidad), na wala ang alin man sa ama o ina, o wala ang parehas na ama at ina o/at, taong 20 taon gulang pababa na may medium pataas na level ng disabilidad sa katawan o isipan (hindi pasok sa aplikante ang batang nasa loob ng pasilidad), (may limitasyon sa income ng nais mag-aplika).

Single Mother Household & Others Medical Expense Subsidy (Boshikatei-tou Iryo-hi Josei)

Medical Subsidies Office ☎ 23-6148 FAX 27-1160

Susuportahan ang parte ng bayraing medikal ng mga taong walang asawa (o ang asawa ay may disabilidad) nangangalaga sa batang 18 taon gulang pababa, at sa mismong bata, o/at sa mga batang walang magulang (hindi pasok sa aplikante ang batang nasa loob ng pasilidad), (may limitasyon sa income ng nais mag-aplika).

.....

Pag-aaral at Paaralan

Pagpasok sa Paaralan

School Management Division ☎ 23-6425 FAX 23-6529

Notipikasyon ng Admisyon

Nagpapadala ang Board of Education ng “abiso sa General Checkup para sa mga bagong Papasok (Shugaku-ji Kenko Shindad)” tuwing Setyembre, at “Notipikasyon ng Admisyon (Nyugaku Tsuchisho)” , mula sa paaralan na nakatalaga sa district na tinitirahan. (Magpapadala ng ibang abiso para sa mga lumipat o pumasok sa syudad na hindi umabot sa panahon ng pagpapadala ng mga nasabing notipikasyon)

Paglipat ng paaralan (nakadepende sa lilipatang lugar kung saan ang bagong paaralan)

- [Mula sa ibang syudad]** Ibibigay sa paglipat ng address ang Admission Designation Notice (Nyugagku Shitei Tsuchisho). Ipasa ito kasama ng Student Registration Certificate (Zaigaku Shomeisho) na hihingiin sa dating paaralan, papunta sa bagong paaralan na papasukan.
- [Nasa syudad na]** Ibibigay sa paglipat ng address ang Admission Designation Notice (Nyugagku Shitei Tsuchisho). Ipasa ito kasama ng Student Registration Certificate (Zaigaku Shomeisho) na hihingiin sa dating paaralan, papunta sa bagong paaralan na papasukan.
- [Lipat sa ibang syudad]** Hingiin mula sa dating paaralan ang Student Registration Certificate (Zaigaku Shomeisho), at mag-aplika sa munisipyo ng paglipat ng syudad.

Scholarship at mga Loan System

Education Policy Division ☎ 23-6625 FAX 23-6558

Scholarship funds (Shogaku Shikin) (Setyembre hanggang Nobyembre ang aplikasyon)

Ito ang sistema kung saan magpapahiram ng pera (¥ 400, 000 max) para sa paghanda ng kagamitan at pangbayad sa pag-aaral, para sa mga taong nagkukulang ng pera, na nag-aaral sa kolehiyo o kumukuha ng vocational course sa kasalukuyan.

Private Highschool Tuition Fee Support System

Education Policy Division ☎ 23-6625 FAX 23-6558

Suporta sa tuition fee (Jugyo-ryo hojo) (Oktubre ang aplikasyon)

Ito ang sistema na susuporta sa mga magulang ng batang pumapasok sa private highschool (¥ 12, 000 kada taon max), (may limitasyon sa income ng nais mag-aplika).

Suportang pinansyal para sa Pagpasok sa paaralan (Shugaku Enjo)

School Management Division ☎ 23-6425 FAX 23-6529

Ito ang sistema na susuporta sa pagbili ng gamit sa paaralan, pambili ng school lunch, at sa bayarin sa school trip (Shugaku Ryokou), para sa mga magulang na ang anak ay estudyante sa Elementary school o Junior Highschool, na nahihirapan pinansyal. (may limitasyon sa income ng nais mag-aplika).

Tulong sa pag-aaral ng taong espesyal (Tokubetsu Shien Kyouiku Shugaku Shorei)

School Management Division ☎ 23-6425 FAX 23-6529

Ito ang sistema na susuporta sa pagbili ng gamit sa paaralan at pambili ng school lunch para sa mga pamilya ng batang pumapasok sa special needs class ng elementary school o junior highschool, o mga batang kailangan ng espesyal na patnubay . (may limitasyon sa income ng nais mag-aplika)